



801 S. Fidalgo St., Suite 100
Seattle, WA 98108

Kumusta Tukwila!

Bagong Panghakot ng Basura
Mga Bagong Serbisyo sa Pagresiklo,
Paggawa ng Pataba, at Pagbasura
Recology.com/Tukwila



BAGO! Simula Nobyembre 1, 2023 Mga Serbisyo sa Pagresiklo sa Tahanan, Basurang-Pagkain at Basurang-Bakuran, at Pagbasura mula sa Recology sa Lungsod ng Tukwila

I-save ang Gabay na ito



Mga residente ng Tukwila,

Simula sa Nobyembre 1, 2023, ang Recology ang magiging bagong tagahakot mo ng naresiklo, basurang-pagkain at basurang-bakuran, at basura. Nakatuon ang Lungsod ng Tukwila at Recology sa isang maayos na paglipat. Ang lokal na serbisyo sa kostumer at pangkat ng mga operasyon ng Recology ay handang tumulong sa iyo at magbigay ng de-kalidad na serbisyo. Narito ang maaari mong asahan sa panahon ng paglipat na ito:

- **Mga basurahang kariton and etiketa**
Mapapanatili mo ang iyong mga kasalukuyang basurahang kariton. Mananatiling pareho ang mga kulay para sa bawat uri ng materyales. Simula sa Setyembre, papalitan ng mga tauhan ng Recology ang etiketa ng iyong basurahang kariton kapag wala ang iyong basurahang kariton sa kasalukuyang araw ng pagkolekta.
- **Mga materyales na tinanggap**
Suriin ang aming mga listahan sa pagresiklo at pag-uuri ng basurang-pagkain at basurang-bakuran sa bagong etiketa ng iyong basurahang kariton at sa online sa maraming wika.
- **Araw ng serbisyo**
Maaaring magbago ang araw ng iyong serbisyo. Aabisuhan ka ng Recology sa Setyembre.
- **Mga presyo**
Mananatiling libre ang pagresiklo bilang bahagi ng iyong serbisyo sa basura. Tataas ang mga presyo sa basura dahil sa tumataas na gastos sa mga trak, gasolina, sahod, at iba pang mga kadahilanan; Tataas din ang mga presyo sa basurang-pagkain at basurang-bakuran (isang opsyonal na serbisyo). Tataas na ang mga presyo sa anumang bagong kontrata at ngayon ay ayon sa ibang mga komunidad ng King County. Ang impormasyon sa presyo ay ipapadala sa lahat ng address sa Setyembre, o maaari mong suriin ang mga presyo sa Recology.com/Tukwila.
- **Mga bagong benepisyo**
Nakasama ang isang listahan ng mga bagong benepisyo sa gabay na ito.
- **Pagsingil**
Matatanggap mo ang iyong unang singil mula sa Recology sa Pebrero. Sisingil ang Recology sa tatlong buwan na mga siklo. Magagawa mong magbayad ng mga singil online sa recology.com/bill-pay/
- **May mga tanong? May mga pagbabago sa serbisyo?**
Tawagan ang sentro ng serbisyo ng Recology sa 206.994.3900 o bisitahin ang Recology.com/Tukwila.



En Español visitar:

Recology.com/Tukwilaoutreach

Mga Bagong Serbisyo at mga Benepisyo sa Basura Simula Nobyembre 1, 2023



Pinalawak na mga Benepisyo at Serbisyo sa Kostumer

- **Serbisyo sa Kostumer**
Telepono: 206.994.3900
Lunes hanggang Biyernes 7 AM – 7 PM
Sabado hanggang Linggo 8 AM – 7 PM
Email: Tukwila@Recology.com
Recology.com/Tukwila
- Isang LIBRENG naka-iskedyul na pagkolekta ng hanggang 2 kubikong yarda ng basura at 4 na malalaking bagay na hindi appliances (tulad ng mga sopa o malalaking upuan) bawat taon.
- Libreng pagkolekta ng mga hindi nakakumpol, hindi napalamutian na mga Puno ng Kapaskuhan para sa lahat ng residenteng kostumer.
- Access sa Tindahan/Sentro ng Koleksyon ng Recology sa Burien sa 15858 First Ave South.
 - Magdala ng mga hindi pangkaraniwang bagay para sa libreng pag-resiklo. Ang kumpletong listahan ng tinatanggap ay nasa gabay na ito.
 - Tingnan ang iba't ibang mga kasangkapan para sa pagbawas ng basura sa bahay.
 - Bumisita para sa opsyon ng personal na serbisyo sa kostumer.
- Full-time na Espesyalista sa Waste Zero at Espesyalista sa Serbisyo sa Kostumer ng Tukwila upang makipagtulungan sa mga paaralan, grupo ng komunidad, negosyo, at mga yunit para sa maramihang pamilya upang matulungan ang iyong komunidad na bawasan ang basura at makatipid ng pera!



Mga Bagong Pangkolektang Sasakyan

- Mga de-kuryenteng sasakyan para sa paghahatid ng basurahang kariton



Pinalawak na mga Benepisyo sa Masamang Lagay ng Panahon

- Mga lugar na pagdadalhan ng basura sa Tukwila kung tatagal ang masamang lagay ng panahon nang higit sa isang linggo
- Libreng karagdagan pagkolekta ng mga basura sa bakuran pagkatapos ng pagbagyo

Sino ang Recology?



Ang Recology ay 100% pag-aari ng empleyado na tagahakot at tagaproseso ng basura. Mga serbisyo ng Recology 11 iba pang komunidad ng Puget Sound kabilang ang Burien, Des Moines, at SeaTac. Ang motto ng kumpanyang Recology ay *Isang Mundo na Walang Basura*. Nakatuon kami sa pagtuturo sa mga komunidad sa kung paano nila mababawasan ang basura sa pamamagitan ng wastong pagresiklo at paggawa ng pataba. Ang Recology ay mayroon ding mga operasyon sa buong California at Oregon.

Paano napili ang Recology?

Nagsagawa ang Lungsod ng Tukwila ng isang mapagkumpitensyang proseso ng RFP at nakatanggap ng mga panukala mula sa maraming kumpanya. Nagsagawa ang mga kawani ng malawakan na pagsusuri sa mga panukalang ito kabilang ang pagbisita sa mga lugar ng mga kumpanya at kinapanayam ang mga pangkat ng pamamahala. Hinuhusgahan kalaunan ang mga panukala batay sa pinaghalong alok na presyo at mga serbisyo. Napili ang Recology sa pamamagitan ng prosesong ito at inaprubahan ng Konseho ng Lungsod ang kontrata.

Ano ang Mapupunta sa Saan

Para sa kumpletong listahan ng kung ano ang maaring iresiklo at gawing pataba sa Tukwila, bisitahin ang: [Recology.com/Tukwila](https://www.recology.com/tukwila).



Para sa mga napi-print na gabay sa pag-uuri sa maraming wika: [Recology.com/recology-king-county/tukwila/sorting-guides/](https://www.recology.com/recology-king-county/tukwila/sorting-guides/).

Magresiklo	Basurang-Pagkain at Basurang-Bakuran	Basura
<p>Mga plastik na bote, tub, jug at banga</p>	<p>Mga tirang pagkain</p>	<p>Isahang-gamit na plastik</p>
<p>Babasagin</p>	<p>Papel na nadumihan ng pagkain</p>	<p>Pambalot at polystyrene na kutson</p>
<p>Bakal</p>	<p>Malinis na papel at karton</p>	<p>Mga lampin at dumi ng alagang-hayop (nakasupot)</p>
	<p>Basurag-bakuran</p>	<p>Mga seramik at babasagin</p>



Dalhin ang iyong mga gamit na mahirap iresiklo sa Tindahan ng Recology.

AYTEM	MGA KINAKAILANGAN SA PAGHAHANDA
Fluorescent na mga tubo at mga bombilya	<ul style="list-style-type: none"> Mga bombilyang lang na hindi basag Ang mga tubo ay hindi dapat lumampas sa 4 na talampakan Limitahan ang bombilya at/o mga tubo sa 10 ang bawat paghatid
Mga baterya sa bahay	<ul style="list-style-type: none"> Hindi tinatanggap ang mga hindi naka-tape na baterya. Takpan lang ang bawat positibo at negatibong dulo ng CLEAR PACKING TAPE Limitahan sa 1/4 na galon ang bawat paghatid
Mga elektroniko at mga aksorya	<ul style="list-style-type: none"> 2 x 2 x 2ft o mas maliit at mas magaan sa 60lbs Tinatanggap ang mga flat screen na TV na hanggang 40in ang lapad Tinatanggap ang gumagana AT hindi gumagana na mga aytem Limitahan sa 3 na aytem ang bawat paghatid
Maliit na mga appliance	<ul style="list-style-type: none"> 2 x 2 x 2ft o mas maliit at mas magaan sa 60lbs Tinatanggap ang gumagana AT hindi gumagana na mga aytem Limitahan sa 3 na aytem ang bawat paghatid
Mga tela	<ul style="list-style-type: none"> Dapat na nakabalot at malinis (ok ang may mantsa at punit, ngunit dapat walang amag, at mapanganib na materyales) HINDI tinatanggap ang mga unan Limitahan sa 32 na galon ang bawat paghatid
Polystyrene na foam at pambalot	<ul style="list-style-type: none"> Ang mga tinatanggap na uri ay ang matitibay na Styrofoam™ block at malinis na Styrofoam™ na lalagyan para sa pag-take out Ang mga aytem ay dapat na malinis at tuyo, walang tape, mga etiketa, at mga labis na marka ng panulat o krayola Limitahan sa 32 na galon ang bawat paghatid
Gamit na panlutong langis	<ul style="list-style-type: none"> Selyohan ang langis sa malinis, malinaw, naka-screw ang tuktok na lalagyang plastik Ang langis ay dapat na walang mga labi Ang lalagyan ay dapat na may etiketa na may pangalan at address Limitahan sa 3 na galon ang bawat paghatid
Gamit na mga bisikleta at mga bahagi ng bisikleta	<ul style="list-style-type: none"> HINDI tinatanggap ang mga panloob na tubo ng bisikleta Tinatanggap ang lahat ng iba pang malinis na bisikleta at bahagi ng bisikleta Limitahan sa 3 ang bawat paghatid
Maliit na propane na silindro	<ul style="list-style-type: none"> Ang mga silindro ay dapat na walang laman Walang tangke. 1lb ang pinakamalaki at purong propane lamang Limitahan sa 3 ang bawat paghatid
Mga aklat na hardcover	<ul style="list-style-type: none"> Limitahan sa 15 libro ang bawat paghatid
Nang may bayad	<ul style="list-style-type: none"> \$2 bawat isa sa mga Tali na Pang-akyat \$1.50 bawat isa sa Holiday Strand Lights

TINDAHAN NG RECOLOGY
15858 First Ave S, #A100
Burien, WA
Martes hanggang Linggo,
10 AM – 5 PM

@Recology_Stores
@RecologyStore

Store@recology.com
Recology.com/Store

Ano Na Ang Gagawin Ngayon

1 Makipag-ugnayan kaagad sa Recology para makapaghanda para sa bagong serbisyo sa Nobyembre 1, 2023

Makipag-ugnayan sa amin upang maberipika ang iyong impormasyon sa pakikipag-ugnayan at maitakda ang iyong mga kagustuhan sa pagbabayad.

Telepono ng Recology **206.994.3900**
email Tukwila@Recology.com
online [Recology.com/Tukwila](https://www.recology.com/tukwila)

2 Ipaalam sa Recology ang iyong mga partikular na pangangailangan

Kung mayroon kang gate code, may mga partikular na tagubilin sa pagkolekta, o kailangan mo ng mga serbisyong paglunsad, pakiberipika ang impormasyong ito sa pangkat ng serbisyo sa kostumer ng Recology.

3 Paparating ang higit pang impormasyon sa lalong madaling panahon

Makatanggap ka ng impormasyon sa pamamagitan ng koreo na may karagdagang impormasyon mula sa Recology tungkol sa mga pagbabago sa serbisyo. Maaaring magkaroon ng pagbabago sa araw ng serbisyo ng ilang residensyal na kostumer simula sa linggo ng Nobyembre 1. Maaari mo ring bisitahin ang [Recology.com/Tukwila](https://www.recology.com/tukwila) para sa pinakabagong impormasyon.

4 Alamin ang tungkol sa aming mga serbisyo at kung saan pupunta ang alin

Suriin ang dokumentong ito upang malaman ang tungkol sa maraming benepisyo ng kontrata ng Recology. Ang pinahabang oras ng serbisyo sa kostumer, access sa tindahan ng Recology, pagkuha ng malalaking aytem, at walang bayad na pagkolekta ng puno ng kapaskuhan ay bahagi lahat ng maraming benepisyo ng bagong tambalan na ito. Suriin ang aming listahan sa pagresiklo, basurang-pagkain at basurang-bakuran, at basura para mailagay mo ang mga wastong aytem sa bawat basurahang kariton.



Matuto nang higit pa:
[Recology.com/Tukwila](https://www.recology.com/tukwila)

